

Halos 100 bata,
nabiyayaan sa
Musmos Kalinga

Sa pangunguna ni BOD Chairperson
Irma Cruz, nagpamigay ang BOD ng
Musmos Kalinga t-shirts...

sundan sa pahina 6

Sa Gitna ng
Pagkakasalungat

Sa demokratikong institusyon tulad ng kooperatiba,
ang bawat isa ay may karapatan at may layang
ipahayag ang kani-kaniyang opinyon.

sundan sa pahina 3

MGA
NATATANGI
KASAPI

sundan sa pahina 5



sandiwa.

OPISYAL NA PAHAYAGAN NG ST. MARTIN OF TOURS CREDIT AND DEVELOPMENT COOPERATIVE



GOLDEN COOP AWARD, IGINAWAD SA ST. MARTIN COOP

REYNALDO SANTOS AT SHERWIN CELESTINO

Ginawaran ng Golden Coop Award ang St. Martin Coop dahil sa 50 taon nitong pag-iral at paglilingkod sa mga komunidad na sakop ng operasyon nito. Ang parangal na ito ay ipinagkaloob ng National Confederation of Cooperatives (NATCCO) noong 17th Leaders’ Congress at 42nd General Assembly nito na ginanap sa Grand Xing Imperial Hotel, Iloilo City noong ika-26 hanggang 28 ng Abril 2019. Nagbigay din ng parangal ang NATCCO sa mga natatanging kooperatiba bilang pagkilala sa malaking ambag ng mga ito sa ekonomiya ng bansa gayundin sa pagpapabuti ng buhay ng mga miyembro nito.

Taglay ang temang “Positioning Cooperatives in a Digital Economy”, tinalakay din dito kung gaano na ba kahanda ang Pilipinas, partikular na ang mga kooperatiba, na maging globally competitive sa larangan ng teknolohiya at digital. Nilalayon ng NATCCO na matulungan ang mga kooperatiba na maunawaan at maiangkop ang Digital Economy o ang paggamit ng digital technology gaya ng cloud computing, mobile web services, data collection, e-commerce, at e-payments sa mga maliliit at

pausbong na negosyo. Isinaad ni Rafaelita Aldaba, Undersecretary for Innovation ng Department of Trade and Industry, na huwag matakot ang mga kooperatiba na yakapin ang digital technologies sa kanilang mga produkto at serbisyo para sa kanilang mga kasapi. Ayon naman kay Anatoly “Jing” Gusto ng World Council of Credit Unions (WOCCU), may malaking potensyal ang pagtanggap ng mga Pilipino sa e-payments dahil sa malaking porsyento ng mga Pilipino ang nagmamay-ari ng mobile phones.

Pinangunahan naman ni Atty. Soledad Cabangis ang General Assembly meeting ng NATCCO. Siya ay nahalal bilang Director noong nakaraang taon at siya ang kasulukuyang Chairperson ng NATCCO-Board. Samantala, ang mga delegado ng St. Martin Coop sa G.A. na ito ay si CEO Cristy Naigan kasama ang mga Branch Managers na sina Roderick Manuel, Sherwin Celestino, at Reynaldo Santos.

Sa kabuuan, may 760 delegado mula sa 238 primary cooperatives ang dumalo dito.

CEO Cristy Naigan, bagong pangulo ng NATCCO Managers’ Club

RODERICK MANUEL

Nahalal na Pangulo ng NATCCO Managers’ Club si Maria Cristina B. Naigan, Chief Executive Officer ng St. Martin Coop, sa ginanap na NATCCO Managers’ Congress noong ika-24 at 25 ng Abril, 2019 sa The Grand Tower Suites, Iloilo City.

Nakuha niya ang pinakamataas na boto mula sa tatlong nominees para makamit ang pagka-Pangulo sa nasabing samahan. Ang NATCCO Managers’ Club ay itinatag noong 2016 at binubuo ng mga managers ng iba’t ibang kooperatiba upang isulong ang magandang samahan sa pagitan ng mga managers na miyembro ng club, makapaglaan ng mga mapagkukunan gayundin ang makapagbahagi ng mga kasanayan at kaalaman sa mga managers. Ito ay may humigit-kumulang sa 100 na mga miyembro mula sa iba’t ibang kooperatiba sa bansa.

Sa kanyang mensahe, sinabi ni CEO Naigan na hangad niya ang patuloy at aktibong pakikilahok ng bawat kinatawan para sa higit pang ikauunlad ng mga kooperatibang kasapi sa naturang managers’ club.

50th Anniversary ng St. Martin Coop, buong taon na ipagdiriwang

MADDENE P. DELA CRUZ

Buong taon na ipagdiriwang ng St. Martin Coop ang ika-50 taong pagkakatatag nito ngayong 2019. Bumuo ng Steering Committee ang Pangasiwaan mula sa ilang piling kawani upang maayos na maisagawa ang mga inilatag na aktibidad para sa selebrasyong ito.

Taglay ang paksang-diwa na “Happy Coop Experience”, ang kick-off celebration ay naganap sa pamamagitan ng paglulunsad ng St. Martin Coop 50th Anniversary Logo noong Sequential General Assembly. Hinikayat ang mga miyembro na magpakuha ng larawan hawak ang naturang logo, lagyan ito ng caption patungkol sa kanilang pinakamasayang karanasan sa St. Martin Coop at i-post ito sa kani-kanilang Facebook accounts. Sila ay pinayuhan na gumamit ng hashtag na #STMARTINCOOPGOLD sa kanilang mga posts dahil lima (5) sa mga larawan na may pinakamaraming likes at shares ay makakatanggap ng papremyo.

Ang pakulong ito ay sinundan ng Bingo games na may naglalakihang papremyo noong General Assembly. Ipinalabas din dito ang 50th Anniversary video na nagpapakita kung paano naging katuwang ng mga miyembro ang kooperatiba sa pagbuti ng kanilang buhay at pagtamo ng kanilang mga pangarap.

Nakalinya na din ang iba pang patimpalak tulad ng Poster Making Contest, Little Ms. and Mr. TIPID, at Business Pitch (pagmumungkahi ng bagong negosyo na may potensyal na kumita) na inaasahang lalahukan ng mga mag-aaral buhat sa iba’t ibang paaralan. Hindi rin mawawala ang pagsasagawa ng motorcade at Ronda Ride. Magkakaroon din ng grand raffle na dalawang lote at isang brand new car ang papremyo. At sa pagdating ng Disyembre, may SHARElebration na magaganap upang makapag-abot ng tulong sa mga higit na nangangailangan. Umaasa ang Pangasiwaan na ang lahat ng ito ay muling susuportahan ng buong kasapihan.

Magbayad, mag- update, at manalo!

JEAN ERIZ R. GALANG

Maulang papremyo ang hatid ng St. Martin Coop sa “BASTA UPDATED KA, KASALI KA SA RAFFLE” Promo! Kailangan lamang on-time na magbayad ng utang at dapat updated ang contact information upang magkaroon ng pagkakataong manalo. Layunin ng promong ito na mapanatili ang magandang katayuan sa pangungutang at mahikayat ang mga kasapi na mag-update ng kanilang contact information. Narito ang promo mechanics:

1. Ang mga miyembro na magbabayad ng monthly amortization bago o sa takdang araw ng pagbabayad at updated ang loan ay maaaring makasali. (Hal. Loan release date: June 10, 2019 / Monthly Amortization Date: Tuwing ika-10 ng buwan o mas maaga pa)
2. Ang bawat updated na loan ay awtomatikong may isang (1) raffle entry.
3. Ito ay isang electronic raffle na gagawin bawat buwan. Ang cut-off date ng entries ay last working day of the month.
4. Ang raffle draw ay gagawin sa pamamagitan ng isang FB Live sa SMTCDC Facebook page tuwing ika-limang araw ng bawat buwan na sasaksihan ng isang Coop-member representative.

Kuwento ng tagumpay ng St. Martin Coop, tampok sa radio program ng PCEDO

MARICRIS A. EUGENIO



Naging panauhin sa programang Usapang Koop at Business na isinasahimpapawid ng Radyo Bulakan 103.9 FM sina CEO Cristy Naigan at BOD Chairperson Irma Cruz noong ika-6 ng Hunyo, 2019. Sila ay kinapanayam nina Mary Grace dela Cruz at Vienn Vaneza Ramos ng Provincial Cooperative and Enterprise Development Office (PCEDO) tungkol sa kwento ng tagumpay at paraan ng pamamahala ng isang billionaire cooperative tulad ng St. Martin Coop.

Nang itanong kung paano nagsimula ang St. Martin Coop, tinuran ni Chairperson Cruz na ang konsepto ng pagtatayo ng kooperatiba ay nagsimula sa lingguhang pakikipag-usap nina Fr. Sancho Ramos at Dr. Antonio Fortuna sa mga tindera sa palengke at iba pang maliliit na mamumuhunan. Naidaing sa kanila ang panghihiram ng puhunan sa nagpa five-six pati na ang mataas na patubo nito. Naisip ni Fr. Ramos na kung mabibigyan sila ng access sa financial services sa abot-kayang interest, malaki ang maitutulong nito sa kanilang pinagkakakitaan o hanapbuhay. At dito na nabuo ang idea na magtayo ng isang kooperatiba na siyang makatutugon sa kanilang pangangailangan.

Sa kasalukuyan ang St. Martin Coop ay pinamumunuan ng siyam (9) na Board of Directors na pinangungunahan ni Chairperson Cruz at ng Senior Management sa pangunguna ni CEO Naigan. Ito ay mayroong 12 mga sangay - siyam ay matatagpuan sa Bulacan , dalawa sa Nueva Ecija, at isa sa Bataan.

Sa loob ng 50 taon, ang St. Martin Coop ay patuloy na naglalayon na makapagbigay ng abot-kayang serbisyo at taos-pusong pagtulong sa mga miyembro at sa mga nasasakupan nito. Bukod sa loan, deposit at insurance products, may social services benefits na ibinibigay sa mga kasapi tulad ng Hospitalization Assistance, BuntiSuporta, Mortuary, Fire Victim Assistance, Share Capital Protection Plan, Livelihood Trainings, College Scholarship, Pension, at Birthday GC.

Dagdag pa rito, ang St. Martin Coop ay naglulunsad din ng mga programang naglalayon na makatulong sa pag-unlad ng komunidad tulad ng Musmos Aralan, Tulong Paaral kay Musmos Scholarship Program, Livelihood Trainings thru ETED, Donation to Parish Church, Donation to Bocaue River Rehabilitation Program, at Tree planting.

Para sa Kooperatiba, higit sa kita, ang mga gawaing ito na kanilang isinasagawa ang mas nagaangat sa kanila at nagdudulot sa kanila ng tagumpay. “We all know that awards add value to the organization. More than the usual citations, I think seeing members improve their lives and witnessing how vibrant the economic activities are in the communities were St. Martin Coop’s significant milestones in its 50 years of existence. The key? Leadership, integrity

and competence of people managing it and the concerted and continuous cooperation of all members”, dagdag pa ni Chairperson Cruz.

Sa kabila ng tagumpay, may mga pagkakataon din na nasusubok ang katatagan at husay ng Kooperatiba lalo na at malawig ang kompetisyon sa industriyang kanilang kinabibilangan. “Many coops and other financial institutions are offering almost the same products to their target market. To manage the competition, if not to beat them, you should have an effective and attractive loyalty program not only for membership retention but to continuously engage them to patronize your products and services. Providing them with excellent service experience could also increase their repeat business with the coop.” paliwanag ni Chairperson Cruz.

Dagdag pa niya, upang mas mapatag ang Kooperatiba sa pamamagitan ng pagtugon sa mga kahinaan at patuloy na paghubog sa mga kalakasan nito, “One must understand the root cause of the problem, have a clear grasp of the situation to solve and overcome the identified weaknesses. One must learn to listen, observe and study every aspect in order to weigh things carefully and provide an effective remedy to the problem. To develop strengths, you should capitalize on the things in which you are good at and try to improve it further through continuous training and education to stay relevant and sustain your progress.”

Ang mga ito ang nagsisilbing patunay ng dedikasyon ng pamunuan at ng mga kawani ng St. Martin Coop upang mapaunlad at maipagpatuloy ang magandang serbisyo at tulong sa mga miyembro.

“The basic objective of every cooperative is to help improve the quality of life of its members. Towards this end, St. Martin Coop, through its diversified financial products and services, help bring-out the entrepreneurial spirit and the values of thrift and savings among our members so they could live productively. We also want to provide opportunity to people who felt that they no longer have any hope of having a better life. We are here to help them achieve their dreams and to guide them in managing their finances. Through the coop’s forthcoming business venture, we hope to create more jobs and significantly contribute to local development.” pahayag pa ni Chairperson Cruz.

Payo pa ni CEO Naigan sa mga nagnanais magtayo ng mga bagong kooperatiba: “Ang dapat na unang isipin ay ang mga miyembro. It’s not about yourself. It’s not about your ambitions. It’s about the members’ needs. Walang kooperatiba kung wala ang mga miyembro.”

Patimpalak sa paggawa ng music video, may halos P100,000 papremyo

ALLAN EUGINE S. BAIZA

Naglalakihang papremyo ang naghihintay sa mga amateur band/singers mula sa iba’t ibang paaralan na interesadong sumali sa Music Video Making Contest na ilulunsad ng St. Martin Coop sa Agosto 2019. Masusukat ang kakayahan ng mga batang henerasyon na gumawa ng isang kanta para sa Kooperatiba partikular na sa tag line nitong “Uplifting Lives, Building Communities”, lapatan ito ng musika, at ipakita ang mensahe sa pamamagitan ng isang music video. Humigit-kumulang sa P100,000.00 ang naghihintay na papremyo sa mga mananalò gayundin sa paaralang kanilang kinabibilangan.

Inaasahan na sa pamamagitan ng patimpalak na ito, higit pang mapupukaw ang kamalayan ng mga kabataan tungkol sa gawaing pang-kooperatiba at sa mahalagang papel nito sa pagpapabuti ng sitwasyon sa buhay ng mga miyembro, gayundin sa naiaambag nito sa pagsusulong ng lokal na pag-unlad. Umaasa ang Pangasiwaan na ito rin ang mag-uudyok sa mga kabataan na maging bahagi ng St. Martin Coop sa hinaharap. Para sa mga nais sumali, ang contest mechanics at cash prizes ay matutunghayan sa Facebook page ng kooperatiba.



St. Martineurs business directory, inilunsad

FERDINAND G. TUAZON

Magandang balita sa ating mga kasapi lalo na ang mga nais ipakilala ang kani-kanilang negosyo. Sa kauna-unahang pagkakataon, inilunsad noong nakaraang Mayo 2019 ang ST. Martineurs business directory na kung saan, maaaring mag-subscribe ang mga may negosyong nabibilang sa tinatawag na MSMEs o Micro, Small and Medium Enterprises. Layunin ng proyektong ito na matulungan na mapalawak at madagdagan ang benta at kita ng mga negosyo at serbisyong pinagkakaloob, gayundin sa pangkalahatan ay makilala ang kanilang negosyo hindi lang ng mga kapwa kasapi kundi ng publiko.

Para sa mga kasapi na nagnanais mag-subscribe, sagutan lamang ang subscription form gayundin ang subscription agreement at magbayad ng subscription fee na Php500.00. Magpasa din ng larawan ng negosyo at kopya ng alinman sa mga sumusunod: DTI, Brgy. Permit o Mayor’s Permit. Ang subscription form ay maaaring kunin sa lahat ng sangay ng kooperatiba o sa Membership Services Department.

Ang business directory ay colored at ito ay bukas sa unang 100 subscribers lamang. May nakalaang malaking espasyo sa pahina sa bawat subscriber. Sa sandaling maimprenta ang 2,000 copies, ito ay ipapamahagi sa lahat ng 12 sangay ng St. Martin Coop at sa gayon ay maipamahagi sa mga kasapi.

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring magsadya sa mga sangay ng kooperatiba o tumawag sa mga numerong 09226292706 / 09265446208 / 09435236719 at bisitahin din ang ating website.

Election Committee ng St. Martin Coop, lumahok sa Election Committee Congress

ROWENA D.J. CELESTINO

Ipinadala ng St. Martin Coop ang Election Committee nito sa Election Committee Congress na inorganisa ng National Confederation of Cooperatives (NATCCO) noong ika-20 at 21 ng Hunyo, 2019 sa First Pacific Leadership Academy, Antipolo, Rizal.



Ang Congress na ito ay isinagawa upang ma-update ang mga miyembro ng Election Committee ng iba’t ibang kooperatiba tungkol sa mga napapanahong memorandum at ilang batas ukol sa eleksyon. Tinalakay rin ang kahalagahan ng mga kasanayan at kaalamang kinakailangang taglay ng Election Committee officers sa pamamahala at pagdedesisyon sa mga kaso ng pagtatanggal ng mga hindi karapat-dapat na kandidato, protesta sa halalan, at pag-apela nito sa Board o Election Committee.

Nagkaroon din ng pagbabahagi ng mga pinakamahusay na karanasan at pamamaraan sa pagkuha at pagpili ng mga kandidato, pagsasagawa ng eleksyon gayundin ang pagbuo ng isang pamantayan ukol sa eleksyon. Binigyang-diin din ang kahalagahan ng kanilang tungkulin na makatulong para sa paghahalal ng tama o karapat-dapat na pinuno, paghahanda sa mga pinuno sa hinaharap, at ang pagsasakatuparan ng tunay na demokrasya sa kooperatiba.

St. Martin Coop, may Youth Laboratory Cooperative na

SERAFIN M. CELESTINO, JR.

Inaprubahan ng Board of Directors ang Manual of Operations ng St. Martin Coop Youth Laboratory Cooperative sa kanilang regular na pagpupulong noong ika-31 ng Hulyo 2019. Kasunod na nito ang pagkuha ng Certificate of Recognition mula sa Cooperative Development Authority (CDA).


Ang Laboratory Cooperative ay isang kooperatiba na kinikilala ng CDA, binuo at pinangangasiwaan ng mga nasa menor-de-edad na kabataan at kunektado sa isang rehistradong kooperatiba na tinatawag na Guardian Cooperative. Ito ay binubuo ng 15 o higit pang kabataan na edad pito (7) hanggang mababa sa 18 taong gulang, kasalukuyang nag-aaral o hindi, at naninirahan sa komunidad na sakop ng operasyon ng Guardian Cooperative.

Sa pagkakaroon ng Youth Laboratory Cooperative, hangad ng St. Martin Coop na magsilbi itong training ground upang maihanda ang mga kabataan sa pagsapi sa regular na kooperatiba, ituro sa kanila ang cooperative values, financial discipline at leadership skills, gayundin ang pagsusulong ng social at cultural values ng mga Pilipino, malasakit sa kapaligiran, at masusuportahang pag-unlad.

Ilan sa mga pangunahing gawain ng St. Martin Coop Youth Laboratory Cooperative ay ang membership recruitment sa tulong ng partner school, deposit generation, at ilang mga pagsasanay na may kaugnayan sa pagkakamit ng mga layuning nabanggit.

EDITORIAL

Sa Gitna ng Pagkakasalungat



Sa demokratikong institusyon tulad ng kooperatiba, ang bawat isa ay may karapatan at may layang ipahayag ang kani-kaniyang opinyon.

Naging lundo ng ika-50 Pangkalahatang Pagpupulong ng St. Martin Coop ang makasaysayang pag-apruba sa commercial building project na nagkakahalaga ng P85 milyon. Ito ay maglalaman ng paupahang commercial spaces sa ground floor, event center sa second floor at budget hotel na may amenities sa third floor. Two years in the making itong maituturing sapagkat taong 2017 pa ito isinusulong ng Pangasiwaan at ng Lupong Patnugutan.

Hindi naging madali ang pinagdaanan ng investment proposal na ito. Bukod sa ating ginastusan ang kinakailangang pag-aaral para dito, hati ang naging opinyon at puso ng kasapian sa bagay na ito. Para sa mga tumututol, lubhang napakalaki ng halagang inilaan dito na hindi naman makatutugon sa pangangailangan ng mga miyembro. Sa halip na commercial building, mainam pa anila kung negosyong diagnostic center o punerarya ang pasukin ng kooperatiba na tiyak na pakikinabangan ng mga miyembro.

Sa mga pabor sa commercial building project, kanilang isinaalang-alang ang punto na ito ay isang investment na naglalayong makadagdag sa kasalukuyang kinikita ng kooperatiba. Bagamat

ang lahat ay makikinabang sa kitang maidudulot nito, ito ay itatayo hindi para serbisyuhan ang mga miyembro. Bagkus, ito ay makapagsusulong ng local development sa bayan ng Bocaue at makalilikha ng maraming trabaho para sa mga Bocaueno. Hindi rin nila isinantabi na ito ay dumaan at resulta ng isang masusing pag-aaral na isinagawa ng respetadong consultancy o research firm.

Sa demokratikong institusyon tulad ng kooperatiba, ang bawat isa ay may karapatan at may layang ipahayag ang kani-kaniyang opinyon. Tunay na may mga pumapanig at tumututol. Totoong balido at may bigat ang kanilang mga argumento. Subalit sa gitna ng magkakasalungat na pananaw sa isyung ito, isa lang ang nangibabaw. Isa lang ang umangat. Isa lang ang lumutang. At iyon ay ang nag-iisang kagustuhan at malasakit ng kasapian na magamit ng wasto at may kaukulang pag-iingat ang yaman ng kooperatiba na sama-samang inipon at pinaghirapan ng kasapian, ng Pangasiwaan at ng Lupong Patnugutan sa matagal na panahon para sa kapakanan at kapakinabangan nating lahat. Hindi tayo nahati at hindi kailanman mahahati!

Usapang Legal

ARNEL M. PALON

➤ Sa maraming pagkakataon, nagkakaroon ng hindi pagkakaunawaan ang isang pamilya o kung minsan, nagkakagalit pa nga kapag ang pinag-uusapan ay ang kanya-kanyang karapatan sa naiwang pag-aari ng isang taong namatay lalo pa at ang nasabing pag-aari ay minana lamang ng nasabing namatay na tao. Sa pagkakataong ito, ating bigyang-linaw ang isyu na ito.

TANONG: May karapatan ba ang isang naiwang asawa sa minanang pag-aari ng kaniyang yumaong kabiya?

Ayon sa Articles 92 at 109 ng ating Family Code, ang pag-aari na namana ng isang tao sa panahon ng pagsasama ng isang mag-asawa ay “exclusive property” o sariling pag-aari ng nakamanang asawa. Malayang magagawa ng nakamanang asawa anuman ang naisin nitong gawin sa kanyang minanang pag-aari habang siya ay nabubuhay.

Subali’t hindi ito nangangahulugan na ang isang biyudo o biyuda ay walang karapatan sa minanang pag-aari. Iba na ang sitwasyon **kapag ang asawang nakamana ay namatay na**. Sinasabi sa ating batas (Civil Code, Art. 887) na ang isang biyudo o biyuda ay isang legal na tagapagmana (compulsory heir) na may karapatang tumanggap ng **bahagi** ng naiwang pag-aari ng namatay na asawa. Kasama na rito ang minana nitong pag-aari na galing sa kanyang mga magulang **maliban na lamang** kung ang namatay ay nag-iwan ng huling testamento o “last will and testament”.

HALIMBAWANG SITWASYON:

May mag-asawa na matagal nang kasal subali’t sila ay hindi nabiyayaan ng anak. Sa panahon ng kanilang pagsasama, ang isa sa kanila ay nakamana ng isang lagay ng lupa mula sa yumao nitong mga magulang. Nang ang nasabing nakamana ay sumakabilang-buhay, nais ng mga kapatid ng namatay na mapunta sa kanila ang minana nitong pag-aari. Ayon sa kanila, ang naiwan nitong asawa ay walang karapatan rito sapagkat ito raw ay sariling pag-aari (exclusive property) ng kanilang yumaong kapatid dahil ito ay namana lamang sa kanilang magulang. Ito ba ay tama?

SAGOT: Mali. Tama na ang namanang lupa ay eksklusibong pag-aari ng nakamanang asawa subali’t nang ito ay sumakabilang-buhay na, nagkaroon na ng karapatan dito ang kanyang naiwang asawa.

Sa sitwasyong nabanggit, kung ipapalagay natin na walang naiwang “last will and testament” ang namatay, ang mga patakaran o ang “Rules on Intestate Succession” ang nararapat na ipatupad. Sa article 1001 ng ating Civil Code, ito ang sinasabi:

“Should brothers and sisters or their children survive with the widow or widower, the latter shall be entitled to one-half of the inheritance and the brothers and sisters or their children to the other half”.

Samakatuwid, ang isang biyudo o biyuda na walang anak, ay **may karapatan** sa kalahati ng minanang pag-aari ng namatay na asawa. Samantala, ang natitirang kalahati ay hahati-hatiin naman ng mga kapatid ng namatay o ng mga anak nito.

TANONG: Paano naman kung ang naiwang asawa ay mga anak sa namatay na asawa? Kanino mapupunta ang naiwang pag-aari?

SAGOT: Sinasabi naman sa Art. 996 ng ating Civil Code na ang naiwang pag-aari ay hahatiin ng naiwang asawa at ng mga anak nito ng parehas.

Mangyaring sumangguni lamang po kayo sa isang abogado kung may iba pa kayong katanungan kaugnay ng bagay na ito.

Ang Kooperatiba at Pamumuhunan

SERAFIN M. CELESTINO, JR.

Ayon sa International Cooperative Alliance, ang kooperatiba ay malayang samahan ng mga indibidwal na boluntaryong nagsama-sama upang makamit ang kanilang pangkabuhayan, panlipunan, at pangkulturang mga pangangailangan at hangarin sa pamamagitan ng pinagsamang pagmamay-ari at demokratikong pagkontrol sa negosyo. Pag-aari at pinamamahalaan ng mga miyembro, ang mga kooperatiba ay mga negosyong naghahatid-kabuluhan at nakasentro sa tao.

Inilarawan naman ng Cooperative Development Authority, ahensya ng gobyerno na namumuno sa pagtatakda ng mga alituntuning pang-kooperatiba sa bansa, ang kooperatiba bilang isang may kasarinlan at rehistradong asosasyon ng mga tao, na may magkakahalintulad na interes at kusang-loob na nagsama-sama para sa ikatatamo ng kanilang panlipunan, pangkabuhayan at pangkulturang pangangailangan at hangarin sa pamamagitan ng pagbibigay ng pantay na kontribusyon sa kinakailangang puhunan, pagtangkilil sa kanilang mga serbisyo at produkto at pagtanggap ng patas na bahagi ng panganib at benepisyo ng pagsasagawa sang-ayon sa pandaigdigang prinsipyo ng kooperatiba.

Sa parehong depenisyon, malinaw na ang mga kooperatiba ay nagsisilbing behikulo na makatutulong sa komunidad na magpakilos ng mga mapagkukunan at itaguyod ang kakayahang ng mga mamamayan na magtulungan upang mapabuti ang kanilang panlipunan at pangkabuhayang kalagayan.

Sa ngayon, ang mga kooperatiba ay gumagana sa bawat sektor ng ekonomiya na kinabibilangan ng financial services, agriculture, healthcare, housing, employment services, food retailing, at utilities. Sa katunayan, mayroong 20 uri ng kooperatiba na nakasaad sa ilalim ng RA 9520 o Cooperative Code of the Philippines.

Gayon din, ang mga kooperatiba sa Pilipinas ay maituturing na ngayon na multi-milyon o bilyong-pisong negosyo base sa laki ng kanilang ari-arian. Nakalilikha sila ng hanapbuhay at gumagawa ng kapital sa mga komunidad na kung saan sila matatagpuan.

Sapagkat maraming kooperatiba ang may malawak na ari-arian at ilan sa kanila ay humahawak ng malalaking halaga na sobra sa standard liquidity level, ang susunod na hakbang ay pakinabangan o palakihin pa ang kita mula sa sobra nitong pera. Depende sa kanilang uri at bukod sa pagpapalakas ng kanilang core business, ang mga kooperatiba ay maaaring makipagsapalaran sa iba pang negosyo ayon sa nakasaad sa kanilang by-laws, para gamitin ang kanilang sobrang pera at kalaunan ay kumita dito upang makapagbigay ng mas mainam na financial returns sa mga miyembro.

Ang pamumuhunan sa iba pang negosyo ay paraan din ng kooperatiba upang makahanap ng bagong mapagkukunan ng kita lalo na at ang kanilang kinikita sa pangunahin nilang pinagkukunan ay nagbibigay lamang ng bahagyang paglaki, kundi man ng hindi tumataas na antas ng kita sa nakalipas na mga taon.

Sapagkat ang mga kooperatiba ay pag-aari ng mga miyembro, ang mga kooperatiba ay nagmimistulang masyadong bukas sa kanilang operasyon at pinagagamitan ng mga pondo. Bilang demokratikong pinamamahalaan na mga negosyo, laging kinukuha ng mga kooperatiba ang nais at pagsang-ayon ng kasapian nito pagdating sa bagong pamumuhunan.

Bagama’t ang pamumuhunan ay napapaloob sa finance function ng development organizations katulad ng mga kooperatiba, ang pera ay hindi basta na lamang maipupuhunan ng mga kooperatiba sa kung saan at kung kailan nila naisin. Ito ay sa kadahilanang ang mga miyembro ang pangunahing pinagkukunan ng ownership funds ng kooperatiba. Bilang mga may-ari, ang mga miyembro ang siyang tagapagbigay ng mga kinakailangang pondo, bukod pa sa nangagaling sa normal na takbo ng operasyon nito. Sa ganitong pagkaunawa, ang mga kooperatiba ay hindi naiiba sa iba pang mga negosyo. Ang kaibahan ay ang mga miyembro nito ang siyang tanging mapagkukunan ng equity capital para sa kooperatiba.

Marahil, sa ganitong paniwala, ang Pangasiwaan at Lupong Patnugutan ng mga kooperatiba ay tunay na kinakailangang maging maingat sa paghahawak ng perang ipinagkatiwala sa kanila ng mga miyembro at ng iba pang mamamayan sa komunidad. Kaya, kanilang tinitiyak na ang kasapian ay kinukunsulta sa tuwing may pagpapasya sa pamumuhunan na kailangang isagawa. Sinisiguro din nila na ang alinmang makabuluhang mungkahi sa pamumuhunan ay dumaan sa masusing pag-aaral ng isang respetadong consultancy o research firm.

Sapagkat ang diwa ng pagmamay-ari ay lubhang malakas sa parte ng mga miyembro, ang prinsipyo ng democratic member control ay may pagkamagiiit lalo na pagdating sa mga bagay na may kinalaman sa pamumuhunan at nangangailangan ng kanilang pagsang-ayon. Ang mga miyembro ay masyadong masigasig sa inaasahang balik at kadalasan, nababahala sa kalalabasan at payback period ng pamumuhunan. Marami sa kanila ang naniniwala na ang pamumuhunan ay hindi kadalasang nagreresulta sa mabilis at matagumpay na pakikipagsapalaran.

Maliban sa pagkakaroon ng interes sa magiging kita ng pamumuhunan, ang kasapian ay may paniniwala na anumang bagong negosyo na kailangang pasukin ng kooperatiba, ito ay marapat na para sa pagsusulong ng kanilang kapakanan at kagalingan sa ngalan ng paglilingkod. At ang paglilingkod, sa pananaw ng miyembro, ay hindi kailangang mahal - kung sakali na hindi ito libre. Ang paghahalang ito sa pagitan ng pamumuhunan at serbisyo ang higit pang nagpapahirap sa mga kooperatiba na ipaglaban ang mungkahi sa pamumuhunan sa kanilang kasapian sa kabila ng paggugol ng malaking halaga sa feasibility study.

Walang problema sa mahigpit na pagtalima ng mga kooperatiba na kunin muna ang pagsang-ayon ng kasapian sa investment proposal gayundin sa aktibong pakikilahok ng mga miyembro sa mga talakayan kaugnay ng pamumuhunan. Magkakaproblema lamang kung ang masiglang palitan sa isang demokratikong institusyon na tulad ng kooperatiba ay nakahahadlang na sa paglaki at higit pang pag-unlad ng kooperatiba.

Kung ito ay magpapatuloy, kung ang mga miyembro ay nananatiling nanghihimasok, inaanala o hindi sumasang-ayon sa isang napag-aralang maigi na oportunidad sa pamumuhunan na dumating sa kooperatiba, hindi ito kailanman magkakaroon muli ng isa pang pagkakataon na umangat mula sa kinaroroonan nito ngayon, upang higit pang pumaimbulog at mas makapagambag pa sa paglikha ng kayamanan, pagpapanatili ng kapital, at paulit-ulit nitong sirkulasyon sa mga lokal na komunidad.



OPISYAL NA PAHAYAGAN NG ST. MARTIN OF TOURS CREDIT AND DEVELOPMENT COOPERATIVE

Editor-in-Chief
Associate Editor
Managing Editor
Writers and Contributors

Serafin M. Celestino, Jr.
Allan Eugene S. Baiza
Sunshine B. Gonzales
Maddene P. Dela Cruz, Maricris A. Eugenio,
Arnel M. Palon, Shierly L. Delos Santos,
Rowena D.J. Celestino, Melissa C. Tiquiz,
Ferdinand G. Tuazon, Jean Eriz R. Galang,
Sherwin B. Celestino, Ian Marvin G.
Gumasing, Regine dela Cruz, Al Gloria,
Jaycelyn Yniere, Reynaldo Santos,
Roderick Manuel

Printing press: Ascende-Likha Prints & Trading
The Sandiwa is quarterly publication of
St. Martin of Tours Credit and
Development Cooperative (SMTCDC)
Poblacion, Bocaue, Bulacan
We welcome contributions from members and
depositors. Please send your contribution to
THE EDITOR, Bunlo Central Office,
Bunlo, Bocaue, Bulacan, (044)-815-2882
email: marketing.smtcdc@yahoo.com

lathalain.

MGA NATATANGING KASAPI

Maricel Mitin-Riego

Guiginto Branch Member

Kaka-graduate lamang noon ng high school ni Maricel Mitin-Riego nang lisanin niya ang kanilang bayan sa Torejos, Marinduque, upang hanapin ang kanyang kapalaran sa Guiginto, Bulacan. Ang kanyang ama ay isang magsasaka at siya ang panganay sa siyam na magkakapatid. Kinailangan niyang kumita agad upang matulungan ang naghihirap niyang pamilya.

Mula sa Marinduque, nagpunta siya sa Guiginto, Bulacan, at nakitira sa bahay ng kanyang pinsan. Hindi nagtagal at siya’y nakapagtrabaho bilang kasambahay sa isang pamilya sa kalapit na Malolos. Gayunman, maaga siyang umibig sa isang estudyante sa kolehiyo at iyon ay nagbunga ng dalawang anak na lalaki, sina Kinslee at Princely. Nang ang kanyang kinakasama ay nangibang-bansa upang maghanapbuhay, sila ay nagkahiwalay at si Maricel ay naging isang single mother.

Upang may mapagkakitaan, binaybay niya ang mga kalye ng Guiginto bilang isang ambulant vendor. Hindi niya inalintana ang nakapapasong init ng araw o ang lamig ng ulan habang siya ay nagbabahay-bahay. Sa halip, nakatagpo siya ng kasiyahan dito. Pangarap na niya noong bata pa siya na makapag-buy and sell.

Nagbunga ang pagsisikap at matibay na determinasyon para sa madiskarteng si Maricel. Taong 2010, naipatayo niya ang kanyang grocery store sa Golden Market sa Cruz, Guiginto, na may kaunting tulong sa St. Martin Coop. Gamit ang P90,000.00 na utang, nabili niya ang rights ng kanyang tindahan sa public market, na kanyang pinuno ng mga paninda buhat sa pinaghirapan niyang ipon.

Hindi naglaon at umunlad ang kanyang grocery store. Habang lumalago ang kanyang negosyo, gayundin ang pagtibay ng partnership ni Maricel sa St. Martin Coop. Sa paglipas ng mga taon, napanatili niya ang pagiging A-lister, GP member kaya naman, madali siyang nakakahiram sa kooperatiba. Kamakailan lamang, kumuha siya ng P300,000.00 Entrepahunan Loan bilang dagdag puhunan. Mas pinalawig pa niya ang kanyang negosyo at ito’y mayroon na ding bigasan at kainan. Nakabili rin siya ng dalawang parsela ng lupa na kung saan niya planong itayo ang kanyang pangarap na bahay.

Sa ngayon, ang buhay ay higit na maaliwalas na para kay Maricel. Hindi lamang siya nakapagtayo ng negosyo, tinatamasa na niya ngayon ang kumpletong relasyong pampamilya, na hangad niyang mapanatili.



Veronica Imelda San Pedro-Maniego

San Miguel Branch Member

Kung titingnan ang kanilang maayos na tahanan at maluwang na patahian, maiisip mo na si Veronica Imelda Maniego, kanyang asawang si Danilo, at kanilang dalawang anak na sina Rosemarie at Rhealyn, ay pirmis na naging magaan ang pamumuhay.

Gayunman, ang kasaganaang tinatamasa ng pamilyang Maniego sa kasalukuyan ay bunga ng mga taon ng pagsisikap at nakapapagod na paggawa. High school graduate lamang noon si Veronica nang kanyang pakasalan si Danilo, isang driver. Kagaya ng ibang tipikal na pamilya sa San Miguel, umasa sila sa agrikultura para sa kanilang ikabubuhay.

Para sa mag-asawa, ito ay nangangahulugan ng pagtatanim ng mga gulay, pagkuha ng kanilang ani gayundin ng sa kanilang mga kapitbahay, at pagluluwas ng mga ito sa Balintawak Market sa Quezon City upang ibenta. Hindi nila inalintana ang makabali-ng-likod na paghahanapbuhay pati na ang mahabang oras ng pagbyahe. Maganda ang kita at hindi nagtagal, ang mga Maniego ay nakapagpundar ng sarili nilang Forward truck.

Upang mapakinabangan ng husto ang kanilang truck at mapalaki pa ang kanilang kita, pinasok nila ang paggawa at pagbebenta ng uling. Ito ay higit na nakapanghihinang negosyo. Pero ipinagkibit-balikat nila ito sapagkat lubhang bumuti ang kanilang sitwasyon at kanilang nasustentuhan ang pag-aaral ng kanilang mga anak. Si Rosemarie ay isang caregiver at nursing undergraduate samantalang medical technologist si Rhealyn.

Si Imelda ay walk-in customer ng ating kooperatiba. Na-curious siya nang makita ang pagbubukas ng ating San Miguel Branch. Naengganyo siya ng palakaibigang asal ng mga kawani at siya ay nasiyahan sa dali ng pagkakuha sa una niyang utang na nagkakahalaga ng P30,000.00 na kanyang ginamit bilang karagdagang puhunan sa charcoal business.



Hindi ipambili mapalitan Forward. Nang kinailang pagbeberin ng matin rin sa magpapag saan siya Samantal ng mah napagpas ibang ne produktib Namuh sa maluw kapitbaha dami ng na nila maramin kanilang ang mag-P1,000.00 nilang pinaming b “Lagi siy nakasupo ay para s pangmad palaging “Kailan na alam n pa niya. “ na maka- Sa nga utang sa Loan, at halaga na



Roselyn Pastrana-Villegas

Cabanatuan Branch Member

Bunso sa apat na magkakapatid, inako na ni Roselyn ang pag-aalaga sa kanyang amang maysakit (na pumanaw kalaunan dahil sa kumplikasyon sa diabetes) at sa kanyang ina. Hindi man nagamit ni Roselyn ang kanyang BS Accountancy degree upang mamasukan, siya’y nagbukas ng maliit na tindahan sa kanilang tahanan upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan. Ang kanyang asawa, si Roman Villegas, ay OFW noon at technician ng refrigerator at air-con. Isa lamang ang kanilang anak, si Aaron.

Dahilan sa matagal na pagkakasakit ng kanyang ama na nangailangan ng mas mahabang pamamalagi sa ospital, naisangla ng mga Pastrana ang bahay at lupa ng pamilya. Ang yugtong ito ng kanilang buhay ay sadyang napakahirap subalit hindi nawalan ng pag-asa si Roselyn at nagpatuloy lamang, determinadong umahon mula sa kanilang hindi kaaya-ayang sitwasyon.

Isang kaanak ang nagsama sa kanya sa St. Martin Coop, na kung saan siya nakakuha ng P20,000-loan. Ipinambili niya ito ng play station upang makadagdag sa kita ng kanyang tindahan. Sa pagtaas ng kanyang kinikita, nadagdagan niya ang kanyang mga paninda na dati ay halos hindi sapat upang matugunan ang pangangailangan ng kanyang mga parukyano.

Sinasabi niya ngayon na may papel na ginampanan ang St. Martin Coop sa pag-ikot ng kanyang kapalaran. Sa pamamagitan ng kanyang mga inutang, hindi lamang niya natubos ang isinanlang ari-arian, bagkus ay naipaayos pa niya ang kanilang bahay. Sa ngayon, mayroon na siyang anim na play stations at dalawang billiard tables. Nakapagbukas na din siya ng isa pang tindahan.

Samantala, pinili ni Roman na manatili sa kanilang tahanan upang asikasuhin ang kanilang pangalawang tindahan. Nagbukas na rin siya ng sarili niyang service shop. Ang pamilyang Villegas ay may isa pang ari-arian na pinangarap ni Roselyn na gawing farm resort sa malapit na hinaharap. “Kapag nabayaran na namin ang aming mga utang, kami ay lalapit sa St. Martin Coop upang kami ay tulungan na pondohan ang aming dream resort,” aniya. Kamakailan lamang, humiram ng P600,000.00 para sa pagpapalawig ng kanyang negosyo at karagdagan P200,000.00 para naman sa shop ng kanyang asawa.



Ang pamilya Sitchon ay kabilang sa komunidad ng mga magsasaka, na kung saan sila ay nagtatanim ng palay at mga gulay sa buong taon at nag-aalaga ng farm animals upang madagdagan ang kanilang kita. High school graduate lang si Rosario subalit siya ay masipag, tapat at kaaya-ayang kausap. Siya ang patnubay na ilaw sa asawang si Joselito (“A-we”), isang barangay kagawad. Kapwa sila aktibong



Lilibeth Policarpio-Rodriguez

Pulong Buhangin Branch Member

Bilang pagrerebelde sa mahigpit na pagdidisiplina ng kanyang ama, nagpakasal si Lilibeth Policarpio kay Edwin Rodriguez makaraan na siya ay makapagtapos ng high school. Malaki ang kinikita ng kanyang asawa bilang isang jewelry stone setter kaya naman sa umpisa, namuhay ng walang bahala ang mag-asawa. Subalit nang sila’y magkaanak, sila ay nag-mature at kanilang napagtanto ang kahalagahan ng responsableng pamumuhay.

Bukod sa paghahanapbuhay bilang isang stone-setter, ang mag-asawa ay namuhunan upang magkaroon ng sarili nilang jewelry store sa Meycauayan, ang jewelry center ng Bulacan. Bagama’t maganda ang negosyo, ang mag-asawa ay ginagambala ng patuloy na kakulangan sa kapital at ng mataas na patubong kanilang binabayaran sa mga nagpapautang na siya nilang pangunahing pinagkukunan ng puhunan.

Kaya, biyaya na maituturing nang himukin siya ng isang malapit na kaibigan na maging miyembro ng ating kooperatiba. Nag-apply siya at tinanggap bilang isang miyembro sa branch ng St. Martin Coop sa Pulong Buhangin, Sta. Maria. Siya ay nasiyahan sa dali ng pagkuha niya ng karagdagan kapital para sa kanyang negosyo at sa mas mababang patubo na dapat niyang bayaran para dito. Mula noon, wala ng iba pang money lenders para sa kanya.

Mula sa inisyal na P100,000.00 business loan, pinalaki pa niya ang kanyang loan sa P300,000.00 at karagdagan P100,000 pa bilang isang A-lister member. Mas pinalawak pa ng mag-asawa ang

miyembro ng Couples for Christ.

Magkasama at maayos nilang itinaguyod ang kanilang mga anak na sina Jaybee at Catherina Mae. Kamakailan lamang, nagtapos ng kursong Hotel and Restaurant Management si Jaybee samantalang si Catherina ay patuloy na nag-aaral sa high school. Sila’y mga anak na walang kalokohan at kasiyahan na nila ang makatulong sa kanilang mga magulang sa anumang kaparaanan.

Sa kanilang paninirahan sa community property ng mga Sitchon (na kung saan, ang bahagi nito ay ibinigay na kay A-we at Rosario), ginawa nilang production area ng basic pastillas ang kanilang kusina at ibinebenta nila ito ng wholesale sa mga retailers. Ang mga retailers ang siyang nagko-convert sa pastillas sa bite-size na mga piraso at nagdadagdag ng iba pang lasa sa basic candy.

Ang pagpasok ng mga Sitchon sa paggawa ng pastillas ay nagsimula dalawang taon na ang nakararaan, bilang resulta ng kabiguan sa negosyo. Sa nakalipas na 21 taon, ang pangunahing pinagkakakitaan ng mag-asawa ay pagbebenta ng gatas ng kalabaw, na kanilang isinu-supply araw-araw sa mga gumagawa ng pastillas. Iyon ang negosyong ipinasa sa kanila ng mga magulang ni Awe.

Habang sila ay tali sa lupa, ang pagsasaka ay isang pana-panahong kalakalan na kung saan nakapagtatanim lamang sila ng palay dalawang beses sa isang taon at hinahayaan na muna nilang nakatiwangwang ang lupa upang mabawi nito ang mga nutrina. Kaya naman ang pagbebenta ng gatas ang mas matatag nilang pinagkakakitaan. Gayunman, isang malaking producer ang huminto sa pagkuha sa kanila ng gatas. Bukod pa rito ang kadalasang pagpalya nito sa pagbabayad. Dahil dito, mas maraming gatas ang natitira at kasama rin nilang nalugi ang iba pa nilang kapitbahay na suppliers din ng gatas.

kanilang negosyo sa pamamagitan ng pagtanggap ng orders on-line hindi lamang sa jewelry kundi pati na rin sa crispy mushroom at beauty products.

Bagama’t patuloy silang naninirahan sa family compound ni Edwin sa Meycauayan, umaasa ang mag-asawa na makapagpatayo ng pangarap nilang bahay sa naipundar nilang ari-arian sa Sta. Maria, ang bayan ni Maricel. Dahilan sa sila’y namumuhay na ng may layunin at higit na responsable, napag-aral nila ang kanilang mga anak sa de-kalidad na mga paaralan - si Miles, 18, ay sa Fatima University nag-aaral para sa kanyang BS Accountancy course samantalang si Maxine, 13, ay graduating sa elementary education sa Montessori sa Marilao.

Sa tulong din ng kooperatiba, nakapagpundar sina Maricel at Edwin ng second-hand Ford Lynx sedan at isang Yamaha Fino motorcycle, na kanilang ginagamit sa kanilang “couple riding” trips sa Luzon. Si Edwin ang kasalukuyang pangulo ng Paping Rider group.

Ang mag-asawang Rodriguez ay Born-Again Christians at mga aktibong miyembro ng Adonal Mission Group, na abala sa social outreach programs tulad ng feeding programs at gift giving gayundin ang medical at dental missions.

Sa ngayon, ang mga Rodriguez ay namumuhay bilang mga responsableng miyembro ng komunidad. Ibinabahagi nila ang kanilang blessings sa mga nangangailangan at tinatamasa ang katuparan ng kanilang mga pangarap sa piling ng mga mahal nila sa buhay.

Sa halip na mag-panic, iminungkahi ni Rosario sa kanyang asawa na subukan nilang magluto ng basic pastillas at sila na rin ang magbenta. Sa kanilang paglilibot upang magbenta ng gatas, naobserbahan nila kung paano gawin ang produkto at alam nila ang latest developments sa negosyong ito. Nasolusyunan din nito ang mas malaki nilang problema sa kung ano ang kanilang gagawin sa kanilang supply ng fresh milk at ang posibleng pagkasira nito. Ang mga lutong pastillas, kung malinis ang pagkakagawa at pag-iimbak sa room temperature, ay maaaring tumagal ng ilang buwan nang hindi nasisira. Maaari nilang lutuin ang produkto sa bungad ng taon at ito’y hindi masisira kapag ibinenta kahit na umabot pa ito sa kasagsagan ng demand sa huling bahagi ng taon.

Nagdulot ng maganda ang kanilang desisyon. Ang kanilang barangay, Malibay, ay kilala sa paggawa ng pastillas at hindi kailanman nagkaroon ng kakulangan sa customers. Kahit na ang pagluluto ng masarap na delicacy na ito ay nangangailangan ng pisikal na lakas, ang mga Sitchon ay mayroon lamang isa o dalawang pana-panahong manggagawa upang sa kanila ay tumulong. Kahit sino sa kanilang pamilya ay humahalili.

Sa ngayon, lubhang napagbuti ng mga Sitchon ang kanilang buhay. Nakabili sila ng SUV sa pamamagitan ng pag-utang sa ating kooperatiba. Ito ay napakalayo sa halaga ng una nilang loan na P30,000.00 Agricultural Loan. Bilang A-lister, GP members, ang mag-asawa ay may umiiral na pagkakautang sa halagang P400,000.00, na kanilang ginamit bilang dagdag puhunan sa kanilang mabilis na lumalagong mga negosyo.

Sapagkat ang kanilang tahanan ay nasa iminumungkahing maging national highway, ang mga Sitchon ay nagbabalak na magtayo ng sarili nilang restaurant-cum-pasalubong outlet. At sila’y umaasa na muli silang susuportahan ng St. Martin Coop.

Roselyn Aves-Sitchon

San Miguel Branch Member

Leonila Dela Cruz

Poblacion Branch Member



Kahit na siya ay may BS Medical Technology degree, nagsimulang magtrabaho si Leonila bilang isang secretary ng rice mill sa Intercity na kung saan, nahasa niya ang kanyang kasanayan sa pagtitinda ng bigas at nakapagbuo ng sarili niyang network ng mga kliyente. Naging rice miller si Leonila sa pamamagitan ng pag-upa ng equipment at sarili niyang espasyo para sa pagsasagawa ng kanyang negosyo.

Ang kanyang mga kapwa-secretary ang humikayat kay Leonila na maging isang miller at nagpakilala sa kanya sa St. Martin Coop. Tulad niya, kinuha nilang lahat ang kanilang panimulang kapital sa kooperatiba. Sa umpisa, nakapag-loan siya ng P200,000.00. Ang puhunang ito ay nagamit ng tama at hindi nagtagal, lumago ang kanyang negosyo.

Siya ay lubhang naging sanay sa pangangalakal kaya’t siya ay kinuha ng Nijaro Agri Trading para sila’y tulungan na maghanap ng raw materials para sa feeds. Maganda ang sahod subalit kinakailangan na lagi siyang nasa Isabela. Binitawan niya ang rice milling at nag-concentrate siya sa bago niyang trabaho. Ito ay nakasama sa kanilang

pagsasama at siya ay hiwalay na sa kanyang asawa sa nakalipas na 10 taon.

Sa kabila ng problemang personal, nananatiling positibo ang pananaw ni Leonila sa buhay. Inilaan niya ang kanyang oras sa pagnenegosyo at siya’y nakapagtayo ng dalawang water stations sa Bocaue at Calumpit. Dahil dito, napanatili niya ang magandang relasyon sa ating kooperatiba at siya ay isa ding A-lister, GP member. Habang lumalaki ang kanyang pangangailangan, regular siyang kumukuha (ngunit hindi siya limitado rito) ng P300,000.00 loan.

Siya ay nakapagpundar ng bahay at lupa sa Calumpit bukod pa sa kanyang bahay sa Sulucan, Bocaue. Bilang isang single mother, napagtapos niya ang kanyang mga anak sa kolehiyo. Ang isa ay nurse at ang isa pa ay respiratory therapist. Samantala, si Leonila ay nasa proseso ng pagtatayo ng isang laundry business.

Subalit hindi lamang pamilya at negosyo ang nakapagpapanatili kay Leonila na nakatindig. Para mapanatiling fit ang sarili at mapawi ang pagod, regular siyang nag-eehersisyo at nagsu-zumba.



Halos 100 mga bata, nabiyayaan sa Musmos Kalinga

SUNSHINE B. GONZALES

May 96 na mga bata, edad apat hanggang pito, buhat sa iba’t ibang barangay ng Bocaue ang naging benepisyaryo ng Musmos Kalinga outreach program ng St. Martin Coop Board of Directors (BOD) na idinaos noong ika-22 ng Hunyo, 2019 sa Jollibee Lolomboy Branch.

Sa pangunguna ni BOD Chairperson Irma Cruz, nagpamigay ang BOD ng Musmos Kalinga t-shirts, piggy banks, coloring materials at school supplies sa mga bata. May mga palaro at pagkain ding inilaan para sa kanila bukod pa sa dance performance ni Jollibee na sadyang pinakahihintay ng lahat. Dumalo rin sa pagtitipong ito ang mga bumubuo

sa Pangasiwaan ng St. Martin Coop pati na ang magulang ng mga bata at mother leaders ng bawat barangay.

Ayon kay BOD Vice-Chairman Danilo Esteban, ang aktibidad na ito ay taunang isinasagawa ng Board sa tulong ng St. Martin Coop upang maiparamdam, kahit sa payak at maliit na kaparaanan, ang kanilang malasakit, pagtulong, at pagbibigay ng munting kasiyahan sa mga batang higit na nangangailangan. Nagpasalamat din siya sa lahat ng tumulong at nag-asikaso upang ito ay maisakatuparan.

Lupong Patnugutan at Pangasiwaan, nag-ulat sa Sequential General Assembly

IAN MARVIN G. GUMASING

Pinangunahan ng Lupong Patnugutan at ng Pangasiwaan ang pagsasagawa ng Sequential General Assembly sa bawat distrito ng Kooperatiba upang makasalamuha ang mga kasapi nito at maiulat ang katayuang pampinansyal, resulta ng operasyon, mga polisiyang ipinatupad at mga aktibidad na naganap sa nakalipas na taon. Umabot sa 4,349 na mga miyembro ang dumalo dito na ginanap tuwing Sabado mula ika-9 ng Pebrero hanggang ika-23 ng Marso, 2019.

Kasabay ng pagpupulong na ito ang pagsasagawa ng electronic election para sa mga bakanteng pwesto sa Lupong Patnugutan, Lupon sa Halalan at Lupong Tagasuri. Nagkaroon din ng mga palaro at pa-affle na aktibo at buong kasiyahang nilahukan ng mga kasapi.

Sa mga open forum na isinagawa sa bawat Sequential General Assembly, nabigyan ng pagkakataon ang mga kasapi na makapagtanong, makapagmungkahi, at makapagpahayag ng kanilang mga saloobin at pananaw hinggil sa operasyon at pamamalakad ng Kooperatiba. Ilan sa mga isyung nabanggit ay may kaugnayan sa co-maker requirement, mortuary fund, delinquency at mga hakbang ukol sa pangongolekta na nabigyan naman ng kaukulang katugunan ng Lupong Patnugutan at ng Pangasiwaan. Agad ding iniulat ang resulta ng halalan sa pagtatapos ng bawat Sequential General Assembly para sa kaalaman ng mga kasapi.

St. Martin Coop, nag-sponsor ng fun run

JAYCELYN YNIERE



Isa ang St. Martin Coop sa mga sponsors ng Higher One For Jesus Color Run na pinangunahan ng St. Martin Parish Singles’ Ministry noong ika-25 ng Pebrero, 2019. Kasama ang mga kawani ng St. Martin Coop sa libu-libong lumahok at nakisaya sa aktibidad na ito.

Sa ganap na ika-5:30 ng umaga, nagsimulang magtipon ang mga kalahok sa St. Martin of Tours Parish Quadrangle, Poblacion, Bocaue, Bulacan. Bago ang aktwal na pagtakbo, nagkaroon ng Praise and Worship Zumba bilang ispirituwal at pisikal na preparasyon sa fun run. Opisyal na sinimulan ang pagtakbo sa hudyat ng isang gunshot sa ganap na ika-6:30 ng umaga. Simula sa St. Martin Parish Church, ang

mga kalahok ay umikot sa mga panandaliang isinara na barangay ng Poblacion, Bagumbayan, Sulucan, at Bambang. Tumagal ng isang oras ang pagtakbo at makikitang labis na natuwa ang karamihan sa pagsaboy na color packets at inihandang foam area. Sa pagtatapos ng programa, muling naghandog ng pampasiglang worship songs ang Singles’ Ministry Music Team kasabay ng pagpaparangal sa unang sampung pinakamabilis sa tinatayang 2,500 na tumakbo sa pangunguna ni Fr. Daniel M. Coronel. Ayon din sa isa sa mga head ng Singles’ Ministry na si Melissa Lopez, labis din nilang ikinagalak ang umabot sa 4,000 bumili ng fun run official shirts.

Mga re-eleksiyunista, wagi sa 2019 General Elections

AL GLORIA

Kasabay ng Sequential General Assembly nitong Pebrero hanggang Marso 2019, ginanap ang halalan para sa mga bakanteng posisyon sa Board of Directors, Election Committee at Audit Committee. Tatlo ang kailangan sa Board of Directors, isa sa Election Committee habang dalawa naman sa Audit Committee.

Panalo sa pagka-director ng District I ang re-eleksyunistang si Herminda Z. Valeriano. Pasok din bilang director ng naturang distrito si Bienvenido de Guzman, Jr. na dati nang nanungkulan bilang miyembro ng Audit Committee. Muli ring nahalal para sa kanyang ika-tatlong termino sa Board si Pinky Claudio ng District II.

Samantala, muling nakabalik si Cristina V. de Leon sa Election Committee. Nahalal din bilang miyembro ng Audit Committee ang re-eleksyunistang sina Myla D. de Ocampo at Elenita DC. Nicolas.

Mabilis, maayos at organisadong naisagawa ang halalan sa pagtutulungan ng Election Committee at ng Pangasiwaan. Agad ipinaskil ang resulta ng halalan sa mga sangay ng kooperatiba gayundin sa Facebook page nito. Ginanap naman noong nakaraang General Assembly ang panunumpa sa tungkulin ng mga bagong halal at mga kasalukuyang nanunungkulan.



38 mag-aaral, tumanggap ng scholarship sa St. Martin Coop

ROWENA D.J. CELESTINO

Tatlumpu’t walong mag-aaral sa elementarya ang muling pinagkalooban ng suporta sa pag-aaral ng St. Martin Coop sa ilalim ng Tulong Paaral Kay Musmos Scholarship Program. Sa simpleng seremonya na ginanap noong ika-30 ng Mayo 2019, binati ni CEO Cristy Naigan ang mga bata pati na ang kanilang mga magulang sa pagpapanatili ng kinakailangang marka upang patuloy na maging scholars ng kooperatiba. Nagpahayag din siya ng kasiyahan sapagkat sa ilalim ng naturang programa, dalawang mag-aaral na ang napagtapos nito.

Ang mga batang scholars ay produkto ng Musmos Aralan CSR Program ng St. Martin Coop. Sila ay tumanggap ng lingguhang allowance, isang pares ng uniporme, grooming kit at school supplies. Siyam sa mga scholars ay mula sa bayan ng San Miguel, Marilao, at Sta. Maria samantalang ang 32 ay buhat sa bayan ng Bocaue.

Isa lamang ito sa mga makabuluhang programa ng kooperatiba na may kaugnayan sa pagtiyak ng pagkakaroon ng wastong edukasyon ng mga batang mula sa mahihirap na pamilya.



Magbayad, mag-update, at manalo!

MULA SA PAHINA 1

5. Ang lahat ng mananalo sa electronic raffle ay tatawagan kaya’t kinakailangan na “active” ang contact number. Sakaling hindi matawagan ang nanalang miyembro, muling pipili ng ibang qualified entries.

6. Ang premyo ng mga mananalo ay ilalagay sa kanilang Regular Savings Account.

7. Kada buwan ay may sampung (10) mananalo ng Php500.00 at dalawang (2) mananalo ng Php1,000.00.

8. Ang raffle promo na ito ay mula July 2019 hanggang June 2020 lamang. Ang electronic raffle ay hindi na nangangailangan ng raffle stub sapagkat ito ay system generated. Para sa mga katanungan, maaaring sumangguni sa mga sangay ng St. Martin Coop o sa Account Supervision and Collection Department sa Bunlo Central Office.

ST. MARTIN COOP EMPLOYEES, PATULOY NA SINASANAY

SHIRLY DELOS SANTOS



Sumailalm sa iba’t ibang pagsasanay ang mga kawani ng St. Martin Coop upang higit pang linangin ang kanilang kasanayan at kakayahan. Kabilang dito ang Cooperative Leadership and Management Program V ng National Confederation of Cooperatives (NATCCO). Ito ay nilahukan nina COO Evangelina SJ. Guevarra, Chief Human Resource and Admin Officer Michelle V. Hipolito, Chief Branch Operations Officer Alvin B. Norieste at Cabanatuan Branch Manager Reynaldo Santos.

Ang Learning Sessions ay tatagal ng 10 araw na naka-schedule mula Hulyo hanggang Setyembre, 2019. Ito ay may limang modules: Governance and Learning, Whole Brain Management, The Strategic Planning Process, Marketing and Operations, at Finance and Human Resources. Sa pagtatapos ng pagsasanay, inaasahan na maging Certified Coop Managers ang mga nagsidalò.

Naisagawa din ang Life Changing Leadership Training noong ika-3 ng Hunyo, 2019 para sa Top Management, managers at supervisors ng Kooperatiba. Nagsilbing Resource Speaker si Francisco “Jojo” dela Cruz, Jr., isang bihasa at tanyag na freelance trainer. Sumailalm sa isang masusing workshop ang mga kawani upang makapagbigay ng serbisyon tapat at may malasakit sa ating mga miyembro. Isang makabagong paraan ng pamumuno ang main objective ng Learning Session na ito. Gayundin, ibinahagi ni G. Dela Cruz kung gaano kahalaga ang pagbibigay ng customer service sa ating mga miyembro upang kanilang balik-balikan at tangkilikin ang ating mga produkto.

Ginapan naman ang “Signature Verification & Counterfeit

Detection” para sa frontliners ng kooperatiba noong ika-19 ng Mayo na kung saan resource speaker ang NBI Document Examiner na si Juliana S. Santiago. Ang Signature Verification ay isang pamamaraan na ginagamit ng mga bangko, mga intelligence agencies at high profile institusyon para alamin ang identity ng isang indibidwal. Ito ay madalas na ginagamit upang ikumpara ang mga lagda sa mga tanggapan ng bangko. Itinuro din kung paano malalaman ang pagkakaiba ng pekeng pera mula sa tunay. Ang pagkakaroon ng kaalaman sa bagay na ito ay mahalaga sa kanilang pang-araw-araw na mga transaksyon sa branches upang maiwasan ang pagtanggap ng mga pekeng pera na masyado ng laganap sa kasalukuyang panahon.

Ipinadala naman sina Meycauayan Branch Manager Nenita Ignacio at Chief Membership Services and Marketing Officer Serafin Celestino, Jr. sa Leadership Series: Coops Accelerate 2.0 na inisponsor ng CLIMBS noong ika-21 at 22 ng Marso, 2019 sa Sulo Riviera Hotel, UP Diliman, Quezon City. Dito, tinalakay ang tungkol sa Organizational Development at Lean Management upang tiyakin na ang mga kooperatiba ay patuloy na makasasabay sa nagbabagong pangangailangan ng mga miyembro at realidad ng kapaligiran sa negosyo. Nagkaroon din sila ng experiential learning visit sa Sunlight Food Corporation at Aretei Foods Corporation na kapwa nagpapraktis ng lean management.

Sa kabuuan, ang mga trainings na ito ay nakapagbigay ng mga napapanahong kaalaman sa bawat empleyado para sa epektibo nilang pagganap ng kani-kanilang tungkulin.

St. Martin Coop at PUP, nagtulong para sa epektibong pamamahayag

AL GLORIA

Nagsanib pwersa ang St. Martin Coop at Polytechnic University of the Philippines (PUP) upang maisagawa ang isang Journalism Seminar para sa SANDIWA staff writers noong ika-5 at 6 ng Abril, 2019 sa Multi-purpose Hall ng St. Martin of Tours Parish Poblacion, Bocaue, Bulacan. Layon ng nasabing pagsasanay na mas maging epektibo ang SANDIWA sa paghahatid ng mga napapanahong balita at impormasyon sa mga kasapi nito.

Dalawa sa mga kilalang mamamahayag mula sa PUP Manila ang naimbitahan upang gumabay sa nasabing pagsasanay. Sila ay sina Prof. Hemmady S. Mora at Prof. John Robert D. Bolledo. Ang mga nabanggit ay nakapagsulat o nakapagpahayag na sa iba’t ibang lathalain at sikat na mga programa sa telebisyon.

Pinalawak at pinaghusay ng nasabing pagsasanay ang kakayahan at galing ng mga mamamahayag sa iba’t ibang larangan ng paggawa ng balita: mula sa pagbibigay ng titulo, sa nilalaman ng artikulo, sa magiging wakas, mensahe na ipinaabot sa mga mambabasa, paglalagay ng larawan, at kung paano magiging kaaya-aya sa mga kasapi na magbasa o buklatin ang pahina ng SANDIWA. Asahan ang mas pinagbuting bersyon ng SANDIWA sa mga susunod na isyu.



KOOP-BALITA

**St. Martin Coop,
nag-sponsor ng fun run**

sundan sa pahina 6



KOOP-BALITA

**38 mag-aaral, tumanggap ng
scholarship sa St. Martin Coop**

sundan sa pahina 6



St. Martin Coop, nagbahagi ng kaalaman sa mga bisitang kooperatiba

SUNSHINE B. GONZALES

Masayang nagbahagi ng kaalaman sa pamamalakad at kasanayan ang Senior Management ng St. Martin Coop sa iba’t ibang kooperatiba na nagsagawa ng Lakbay-Aral o Coop Visit mula sa iba’t ibang bahagi ng bansa.

Una na sa mga kooperatibang ito ay ang TARELCO II Employees Primary Multi-Purpose Cooperative na mula pa sa Concepcion, Tarlac. Sila ay bumisita sa ating kooperatiba noong ika-10 ng Enero, 2019. Nagpunta rin sa ating kooperatiba ang MSU-IIT National Multi-Purpose Cooperative na mula pa sa Iligan City, Lanao Del Norte noong ika-21 ng Enero 2019. Kasama sa Lakbay-Aral na ito ang ilang miyembro ng kanilang Board of Directors, Officers at staff.

Sinundan naman ng Simbayanan ni Maria Multi-Purpose Cooperative ang pagbisitang ito noong ika-4 ng Pebrero na nagmula sa Taguig City. Bumisita rin ang 39 delegado mula sa Philex Community Credit Cooperative na galing pa ng Tuba, Benguet. Nito lamang ika-25 ng Mayo, dinayo naman tayo ng Sinop Multi-Purpose Cooperative na nagmula pa sa Olongapo City kung saan naging sentro ng talakayan ang Gender and Development (GAD) activities.

Naniniwala ang St. Martin Coop na sa pagbabahagian ng kaalaman, patuloy na lalago at magiging maayos ang pamamalakad ng mga kooperatiba sa bansa.



50th General Assembly ng St. Martin Coop, ipinagdiwang

JAYCELYN M. YNIERE

Kapana-panabik ang naging selebrasyon at pagpupulong para sa 50th General Assembly ng St. Martin Coop noong ika-27 ng Abril, 2019 sa Sto. Niño Academy Bocaue, Bulacan. Bukod sa nakagawiing pag-uulat ng katayuang pampinansyal ng kooperatiba at mga gawaing naisakatuparan ng iba’t ibang lupon, nagkaroon din ng motivational talk mula sa kilalang speaker, bingo games, at raffle na may kabuuang papremyo na umabot sa humigit-kumulang P200,000.00. Tampok din sa pagtitipong ito ang pagkaka-apruba ng kasapian sa commercial building project ng kooperatiba.

Isang misa ng pasasalamat ang isinagawa sa pangunguna ni Rev. Fr. Kent Apeña. Ang mga kasaping dumalo ay binigyan ng meal/transpo allowance, payong, 50th anniversary t-shirt, at bingo card depende sa kanilang entitlement. Ipinalabas din at ginantimpalaan ang mga nanalang entries sa “Magaan ang Buhay sa St. Martin Coop” video-making contest na sina Natividad Agustin (1st place), Enrico Mendoza (2nd place), Florabelle De Leon (3rd place), at Rebecca Maniquiz (most liked video).

Naging mas espesyal naman ang okasyong ito nang magbigay ng mainit na pagbati at pasasalamat si Marietta P. Hwang, Region III Director ng Cooperative Development Authority. Ipinahayag niya ang kanyang labis na pagmamalaki, kagalakan, at pasasalamat sa St. Martin Coop bilang isa sa pinakamatagumpay na kooperatiba sa buong bansa.

Samantala, sa “Pera Mo, Palaguin Mo!” motivational talk na ibinigay ni Al Ian Barcelona, Managing Director ng AIB Training Events and Consulting Company, sinabi niya na ang pera ay pinapalago at hindi tinititigan. Hinikayat niya ang lahat na magkaroon ng pangarap, pangitain, at pagpupursigi sa paghawak ng pera na iniipon, hinihiram sa kooperatiba, o kinikita sa trabaho man o negosyo. Binigyang-diin niya sa kasapian ang pagiging matatag kaakibat ang pagkakaroon ng positibong paniniwala sa St. Martin Coop kung nais nilang magtagumpay sa buhay hindi lamang sa pampinansyal ngunit maging sa iba pang aspeto ng buhay.

Parte din ng programa ang pagbibigay-parangal sa anim (6) na Outgoing Officers, animnapu’t siyam (69) na Gratuity Recipients at newly-elected officers na sinundan ng kanilang panunumpa sa tungkulin kasama ang iba pang opisyal ng kooperatiba.

Sa ikalawang bahagi ng palatuntunan, pinangunahan ni BOD Chairperson Herminda Valeriano ang pagbubukas at pagsisimula ng pangkalahatang pulong. Kasunod nito ay ang paglalahad sa mga ka-may-ari ng ulat ng Election, Audit, Ethics, Mediation and Conciliation, Gender and Development Committees, at joint report ng BOD at ng Pangasiwaan. Naglaan din ng apatnapung (40) minuto para sa malayang talakayan sa pagitan ng Board of Directors, Pangasiwaan, at mga ka-may-ari. Bagamat naging mainit ang palitan ng mga kuru-kuro at paniniwala hinggil sa mungkahing commercial building project na itatayo malapit sa ating sangay sa Bunlo, nakuha ng Board of Directors ang approval ng kasapian upang ito ay tuluyang maisakatuparan.

Sa kabuuan, may 6,528 na miyembro ang nakisaya, nakinig, at aktibong nakilahok sa General Assembly bukod pa iyong mga dumalo sa ating Sequential General Assembly o Koopulungan.